Mga umiiral at planadong alituntunin para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng iba't ibang lahi

Kawanihan ng Edukasyon

Nakatuon ang Pamahalaan sa paghihikayat and pagsuporta sa pagkakaisa ng mga mag-aaral hindi nakakapagsalita ng Tsino [non-Chinese speaking (NCS) students[1]] at ng komunidad, pati rin ang pangangasiwa sa kanilang maagang pagbagay sa sistema ng lokal na edukasyon at pagiging bihasa sa wikang Tsino. Ang mga kwalipikadong kabataan, anuman ang kanilang mga lahi o kung saan man sila ipinanganak, ay mayroong pantay-pantay na oportunidad na pumasok sa Primarya One at Sekondarya One ng pampublikong sector na mga paaralan sa ilalim ng Sistema ng alokasyon ng lugar para sa mga nasabing paaralan na patas at malinaw, na may pagkonsidera sa mga pinagpipiliang mga paaralan ng mga magulang. Mula taon ng paaralan 2014/15, ang EDB ay nagpatupad ng serye ng mga pinatibay na mga alituntunin ng suporta upang mapaigting ang suporta para sa epektibong pag-aaral ng mga NCS na mag-aaral at ang pagbuo ng napapabilang na pag-aaral na kapaligiran sa mga paaralan. Tinutulak ng polisiyang ito na hikayatin ang mga magulang ng mga mag-aaral na NCS na isaayos para sa kanilang mga anak na na mag-aral sa mga paaralan na nagtuturo ng wikang Tsino habang maaga upang mapangasiwaan ang pagiging bihasa sa wikang Tsino. Ang pangunahing mga sumusuportang alituntunin ay ang mga sumusunod:

Ang "Balangkas sa Kurikulum ng Pag-aaral ng Wikang Tsino Bilang Pangalawang Wika"

Mga Kaugnay na serbisyo

- Patungkol sap ag-aaral ng Tsino sa klase, ang "Balangkas sa Kurikulum ng Pag-aaral ng Wikang Tsino Bilang Pangalawang Wika" ("Balangkas ng Pag-aaral"), na binuo sa pamamagitan ng pagkonsulta sa mga guro at mga eksperto sa wika, at pinaigting sa tulong ng mga materyales para sa pag-aaral at pagtuturo, ay ipinatupad sa mga pirmarya at sekondaryang paaralang mula 2014/15 taon ng pay-aaral upang matulungan ang mga mag-aaral na NCS na matuto ng wikang Tsino.

Mga Umiiral na Alituntunin

Ang Balangkas sa Pag-aaral

- Ang Balangkas ng Pag-aaral ay nagbigay ng mga hakbang at pamamaraan para sa pag-aaral at pagtuturo, at pagtatasa ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na NCR na nag-aaral ng Tsino bilang ikalawang wika. Patungkol sa Balangkas ng Pag-aaral, ang mga guro ay maaaring magtalaga ng puntos ng pag-aaral, progreso ng pag-aaral, at ang mga inaasahang kalalabasan ng pag-aaral sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig at pagsasalita, kabilang na ang pag-ankop at pagbuo ng mga materyales sa pagtuturo sa antas ng nakabase sa paaralan para sa mga NCS na mag-aaral na may iba't ibang yugto ng panimula at abilidad, upang matulungan silang matuto ng Tsino nag deretso.

[1] Para sa pagpaplano ng mga alituntuning sumusuporta sa edukasyon, ang mga mag-aaral na ang wikang ginagamit sa tahanan ay hindi Tisno ay sa pangkabuuan ay ikinakategorya bilang mga NCS na mag-aaral. Ang Kawanihan ng Edukasyon (EDB) ay mangongolekta ng impormasyon ng mga estudyante, kabilang na ang wikang kanilang ginagamit sa tahanan at etnikong kinabibilangan, atbp., mula sa mga paaralan kada taon ng pag-aaral para sa layunin ng pag-aaral

- Uang mabigyan ang mga guro ng gabay at suporta sa pagpaplano ng kurikulum, pag-aaral at pagtuturo, at pagtatasa, ang EDB at patuloy na bumubuo ng iba't ibang mapagkukunang sanggunian ng pag-aaral at pagtuturo, tulad ng "Kasangkapan para sa Pagtatasa ng Wikang Tsino para sa mga NCS na Mag-aaral" at mga mapagkukunang sanggunian para sa pagtuturo. Ang lahat ng mga sangguniang ito ay inupload sa webpage ng EDB at iu-update sa patuloy na paraan. Sa lahat, ang EDB ay nagbuo ng materyales para sa pag-aaral at pagtuturo, kabilang na ang mga libro para sa mag-aaral, mga libro ng pagtatrabaho at sangguniang materyales para sa pagtuturo, para sa mga mag-aaral na NCS sa antas primarya. Ang mga materyales ay in-upload sa webpage ng EDB at ibinahagi sa mga paaralan ayon sa yugto at ang iba pang mga materyales sa pag-aaral at pagtuturo ay iu-upload kalaunan. Ang mga paaralan ay maaaring umangkop sa mga materyales na ito nang may pagsangguni sa kanilang kurikulum upang mabigyang atension ang iba't ibang pangangailangan sap ag-aaral ng mga NCS na mag-aaral.

Pinaghusay ng Suporta ng Pondo para sa mga Paaralan

- Mula sa taon ng pag-aaral 2014/15, ang EDB ay bahagyang tinaasan ang karagdagang pondo sa mga paaralan, sa kondisyong ang mga paaralan na may pinagkukunang sanggunian sa pag-aaral, pagsasanay at propesyunal na supporta sa mga guro upang mas lalong mapaghusay ang pagsuporta sa mga NCS na mag-aaral na nag-aaral ng wikang Tisno, kasama na ang pagpapatupad ng "Balangkas sa Pag-aaral" sa paaralang primarya at sekondarya, at ang pagbuo ng napapabilang na kapaligiran sa pag-aaral sa mga paaralan. Ang lahat ng pampublikong sektor na paaralang primarya at sekondarya at ang Iskema ng Direktang Subsidiya (DSS) sa mga primarya at sekondaryang paaralan na nagbibigay ng lokal na kurikulum (ordinaryong paaralan) at tumatanggap ng 10 o higit pang mga NCS na mag-aaral, at ang espesyal na mga paaralan na tumatanggap ng 6 o higit pang mga NCS na mag-aaral sa kondisyon na ang mga karagdagang pondo na nagkakahalaga ng mula halos $0.65 milyon hanggang halos $1.5 milyon kada taon ay nakadepende sa bilang ng mga NCS na mag-aaral na tinanggap. Ang mga ordinaryong paaralan na kabilang ay kailangang, ayon sa resulta ng "Mga Kasangkapan sa Pagtatasa ng Wikang Tsino sa mga NCS na Mag-aaral", kabilang na ang antas ng pagkatuto at progreso ng kanilang mga NCS na mag-aaral, ay naglalagay ng tukoy na target ng pag-aaral para sa kanilang mga NCS na mag-aaral at makasabay sa iba't ibang masinsinang pag-aaral at paraan ng pagtuturo, tulad ng pull out na paraan ng pag-aaral, hinating klase/ pulong nap ag-aaral, pinagsama samang pag-aaral sa labas ng paaralan, atbp. ayon sa pagkakaangkop, nang may layunin ng pagpapahusay ng pagiging epektibo ng pag-aaral ng mga NCS na mag-aaral sa wikang Wikang Tsino. Ang mga nabanggit na paaralan ay maaari ring magtalaga ng kawaning tutulong sa iba't ibang lahi at/o makakuha ng serbisyo nng pagsasalin upang mapagtibay ang komunikasyon sa mga magulang ng NCS na mag-aaral at magsaayos ng iba't ibang aktibidad pang-kultura. Patungkol sa mga primarya at sekondaryang paaralan na tumatanggap ng maliit na numero ng mga NCS na mag-aaral (i.e. 1 hanggang 9 na mga mag-aaral) at mga espesyal na paaralan na tumatanggap ng 1 hanggang 5 NCS na mag-aaral, maaari silang mag-aplay para sa karagdagang pondo kada taon upang ibigay sa mga programang sumusuporta sa paggamit ng wikang Tsino.

- Upang mapaghusay ang suporta para sa mga mag-aaral na NCS sa pag-aaral ng wikang Tsino at ang pagbuo ng napapaloob na kapaligiran sa mga paaralan, umpisa mula 2020/21 taon ng pag-aaral, ang EDB ay mas hahabaan pa ang sakop ng mga paaralang tumatanggap ng pondo upang ang lahat ng paaralan na tumatanggap ng NCS na mag-aaral ay maaaring mabigyan ng karagdagang subsidiya depende sa bilang ng mga NCS na paaralang pumasok. Ang halaga ng karagdagang subsidiyang sinasabi ay pumapatak mula sa halos $0.15 na milyon hanggang sa halos $1.5 milyon kada taon.

Ang Propesyunal na Kaunlaran para sa mga Guro

- Ang lahat ng guro ng wikang Tsino na nagtuturo ng mga NCS na mag-aaral ay binibigyan ng oportunidad na magsanay. Upang mapaghusay ang propesyunal na kapasidad ng mga guro sa pagtuturo sa mga NCS na mag-aaral, ang EDB ay patuloy na nagsasaayos ng iba't iba at sistematikong programa para sa propesyunal na pag-unlad, kabilang na ang pagsasaayos ng matagumpay na karanasan sa pagbabahagi ng mga paksa tulad ng pagplano ng kurikulum, upang mapaghusay ang propesyunal na kapasidad ng mga guro na nagtuturo ng wikang Tsino sa pagtuturo sa mga mag-aaral na NCS.

- Ang 5-linggong programa na "Sertipikasyon para sa Programa ng Propesyunal na Pagpapaunlad sa Pagtuturo ng Wikang Tsino para sa mga NCS na Mag-Aaral", na sinusuportahan ng EDB at isinasagawa ng Unibersidad ng Hong Kong, para sa mga guro ng wikang Tsino na nagtutulo sa mga NCS na mag-aaral sa primarya at sekondaryang paaralan ay magpapatuloy.

- Ang mga mag-aaral ay iniimbitahan na ibahagi ang kanilang matagumpay na mga kagawian at mga karanasan sa paaralan sa pagsuporta sa mga NCS na mag-aaral na nag-aaral ng wikang Tsino at sa pagpapalaganap ng kultural na napapabilang, nang may layuning pangasiwaan ang propesyunal na pagbabahagi sa mga paaralan. Bukod pa rito, ang taunang sesyon ng pagbabahagi para sa mga paaralan ay inorganisa sa tulong ng Komisyon para sa Pantay na Oportunidad upang ipaliwanag kung paanong ang Ordinansa Laban sa Diskriminasyon ng Iba't Ibang Lahi, Cap. 602 ng mga Batas ng Hong Kong, ay naaangkop sa mga paaralan sa pagbuo ng kanilang mga polisiya upang ipalaganap ang kultural na pagkakabilang.

Mga Serbisyong Pagsuporta mula sa Paaralan

- Nagbibigay ang EDB ng iba't iban serbisyo ng pagsuporta mula sa paaralan kabilang na ang pagtulong sa mga paaralan na makasabay sa mga kurikulum ng paaralan at magbuo ng naaangkop na mga materyales sa pag-aaral at pagtuturo sa pamamagitan ng paggawa ng mga sanggunian sa Balangkas ng Pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga komunidad para sa propesyunal na pag-aaral at pangangasiwa ng pagbabahagi ng mga karanasan sa pagitan ng mga paaralan, ang propesyunal na kapasidad ng mga guro upang matulungan ang mga NCS na mag-aaral na matuto ng wikang Tisno ay epektibong napapaghusay. Kada taon, ang mga paaralan ay maaaring mag-aplay para sa naaangkop na serbisyo ng pagsuporta ayon sa pangangailangan ng kanilang pag-unlad.

Pagtatasa sa mga Trabaho sa Hinaharap	• Madalas sinusuri ng EDB ang pagkaepektibo ng mga naaangkop na sumusuportang alituntunin, at hinihinang ang mga alituntunin kung kinakailangan. Susuriin namin ang mga layunin ng pag-aaral, pagpaplano ng kurikulum, mga materyales sa pagtuturo at stratehiya ng pagtuturo na sinusunod ng mga paaralan, pagkabihasa sa wika, at dahilan ng pag-aaral ng mga NCS na mag-aaral at iba pang mga kadahilanan para sa epektibong pag-aaral.
Mga karagdagang alituntunin na nagawa / gagawin	• Ang EDB ay patuloy na mangongolekta ng mga pananaw mula sa mga stakeholders at kokonsidirahin ang mga pagbabago na kailangan upang mapaunlad ang mga serbisyong panukala kung kinakailangan.

Salaysay sa mga Landas

Mga Kaugnay na serbisyo	• Ang mga mag-aaral na NCS ay maaaring, sa pagsasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at adhikain, pumiling mag-aral na Wikang Tsino, o Paggamit ng Wikang Tsino (para sa mga mag-aaral na NCS) (Applied Learning Chinese (ApL(C)) sa Diploma ng Hong Kong para sa Pagsusuri sa Sekondaryang Edukasyon o Hong Kong Diploma of Secondary Education Examination (HKDSE), at/o kumuha ng mga kinikilalang internasyonal na alternatibong kwalipikasyon sa Wikang Tsino sa mataas na antas upang mahanda sila sa karagdagang pag-aaral at mga karerang tatahakin.
Mga Umiiral na Panukala	*ApL(C)* • Simula sa taon ng pag-aaral 2014/15, ang pagpapakilala ng ApL(C) ay magtatalasok sa Balangkas ng Kwalipikasyon sa mga Antas 1 hanggang 3 ay nagbibigay sa mga kwalipikadong NCS na mga mag-aaral[2] sa mataas na antas ng karagdagang paraan upang makamit ang alternatibong kwalipikasyon ng Wikang Tsino upang maihanda sila sa karagdagang pag-aaral at mga karerang tatahakin. Ang mga resulta ng ApL(C) ay iuulat bilang “Natamo” at “Natamo ng may Pagkakaiba” sa sertipiko ng HKDSE.

Alternatibong Kwalipikasyon ng Wikang Tsino

- Nagbigay ang EDB ng Pangkalahatang Sertipikasyon ng Sekondaryang Edukasyon (GCSE) na Pagsusuri (Tsino), Internasyonal na Pangkalahatang Sertipiko ng Sekondaryang Edukasyon (IGCSE) na Pagsusuri (Tsino) at Pangakalahatang Sertipiko ng Edukasyon (GCE) (Tsino) Pinaghusay na Subsidiya Antas na (AS) at Antas (A) ng pinaghusay na GCE na Pagsusuri sa Hong Kong sa pamamagitan ng tagapagbigay serbisyo. Ang mag kwalipikadong NCS na mag-aaral[2] na papasok sa mag nasabing pagsusuri sa kasalukuyan ay kailangan lamang magbayad ng "subsidiya para sa kabayaran sa pagsusuri" kapantay ng HKDSE para sa Wikang Tsino[3].

Iba pa

- Mula sa 2015/16 taon ng pag-aaral, ang mga institusyon para sa pagkatapos ng sekondarya/ organisasyong nagsasanay ay naimbitahan na mag-organisa ng mga kursong bokasyonal para sa Wikang Tsino na inangkop para sa Antas 1 o 2 ng Balangkas Pangkwalipikasyon para sa mga NCS na umaalis ng paaralan. Ang mga estudyante na makakapagbigay ng mga pangangailangan ay maaaring makatanggap ng tulong hanggang sa 85% ng kanilang tuition fee.

Pagsusuri sa mga Trabaho sa Hinaharap

- Ang mga kwalipikasyon sa alternatibong Wikang Tsino at ApL(C) ay kinikilala upang matugunan ang pangkalahatang kinakailangan sa pagpasok sa mga unibersidad na pinopondohan ng Lupon para sa mga Handog sa Unibersidad o University Grants Committee (UGC) at karamihan sa mga institusyon pagkatapos ng mataas na paaralan pati rin ang mga katungkulan sa Serbisyo Pangmamamayan.

Mga karagdagang panukala na nagawa/ gagawin

- Para sa mga karapat-dapat na mag-aaral na NCS na nag-aaral ng HKDSE Chinese ngunit hindi umaabot sa Antas 3 pataas, ang mga unibersidad na pinopondohan ng UGC ay maaaring maghusga at konsiderahin ang mga aplikasyon depende sa sitwasyon.

[2] Partikular, ang mga mag-aaral na NCS na ito na natutuo ng Wikang Tsino ay
(a) Hindi hihigit sa anim na taon habang tumatanggap ng primarya at sekondaryang edukasyon; o
(b) Anim na taon o higit pa sa mga paaralan, ngunit naturuan at nakasabay sa isang mas simpleng kurikulum na karaniwang hindi naaangkop sa karamihan ng mga mag-aaral sa mga lokal na paaralan

[3] Nang may alituntuning pinatupad ng Pamahalaan upang bayaran ang mga kabayaran sa pagsusuri para sa mga kandidato ng paaralan na papasok para sa HKDSE mula 2019 hanggang 2023, ang "subsidiya para sa kabayaran sa pagsusuri" ng mga kwalipikadong NCS na mag-aaral na papasok sa nabanggit sa itaan na hindi lokal na pagsusuri para sa Wikang Tisno mula 2018/19 hanggang 2022/23 taon ng pag-aaral ay maaaring hindi bayaran.

Iba Pang Panukalang Suporta

Summer Bridging Programme

Mga Kaugnay na serbisyo	• Nilalayon ng Summer Bridging Programme na mapangasiwaan ang pagkasanay ng pagpasok ng Primarya 1 na NCS upang gamitin ang Tsino sa pagkatuto sa silid aralan at tulungan ang mga mag-aaral na NCS na umunlad mila Primarya 2 hanggang 6 at pagsamasamahin ang kanilang mga natutunan sa taon ng paaralan at ihanda sila para sa pagkatuto ng Tsino sa sumunod na taon ng paaralan.
Mga Umiiral na Panukala	• Simula sa panahon ng tag-araw ng 2007, ang Summer Bridging Programme para sa mga papasok ng NCS na Primarya 1 ay pinalawig sa mga NCS na mga mag-aaral na tumutuloy papuntang Primarya 2, 3, at 4. Ang Programa ay pinaghusay ng mga magulang ng mga mag-aaral na NCS na nakikibahagi para sa iba pang mas epektibong karunungan ng Tsino sa pamamagitan ng suporta ng mga magulang at pakikiisa sap ag-aaral sa tahanan mula 2013.
Pagsusuri sa mga Trabaho sa Hinaharap	• Ang pagsusuri sa pagpapatupad ng sitwasyon at pagiging epektibo ng Summer Bridging Programme ay ginagawa taun-taon.
Mga karagdagang panukala na nagawa/ gagawin	• Pagkatapos makolekta ang mga pananaw mula sa mga kabilang, mula 2023 pasulong, mas pinalawig pa ng EDB ang Programa sa 2023 sa mga mag-aaral ng NCS na dumederetso papuntang Primarya 5 at 6, nang may pananay na maihanda sila para sap ag-aaral ng tsino sa susunod na taon ng paaralan.

Paggawad ng Suporta Para sa mga mag-aaral na NCS na may Espesyal na Pangangailangan sa Pag-aaral

Mga Kaugnay na serbisyo	• Simula sa taon ng pag-aaral 2019/20, ang EDB magbibigay ng kasalukuyang paggawad ng pondong salapi na kilala bilang “Paggawad ng Pondo para sa Pagsuporta sa NCS na Mag-aaral nang may Espesyal na Pangangailangan sa Pag-aaral (SEN) (ang Gawad) para sa pampublikong sektor ng ordinaryong primarya at sekondaryang paaralan sa mga paaralang DSS na tumatanggap ng NCS na mag-aaral nang may SEN upang matulungan ang mga paaralan na mapagtibay ang emosyonal, komunikasyon at panlipunang suporta para sa mga mag-aaral na ito, at tinutulungan silang makaagapay sa iba’t ibang yugto ng pag-aaral at isabay ito sa buhay pag-aaral.

Mga Umiiral na Panukala	• Ang Gawad ay ibinabahagi sa ilalim ng 3-yugto na istraktura ayon sa bilang ng mga NCS na mag-aaral na may SEN na tinanggap sa bawat paaralan at ang halaga ng Gawad ay insinasaayos kada taon ayon sa pagbabago ng Composite Consumer Price Index. Sa 2022/23 taon ng pag-aaral, $103,230 ay ibinibigay para sa isang paaralan na tumatanggap ng 1 hanggang 9 na NCS na mag-aaral nang may SEN; $206,460 para sa 10 hanggang 25 mag-aaral; at $309,690 para sa 26 o higit pang mag-aaraal. • Ang mga paaralan ay maaaring mag-ipon ng Gawat at iba pang karagdagang kagamitang sanggunian, tulad ng Gawad para sa Pagsuporta sa Pag-aaral, para sa makabuuan at naibabagay na pagpapalabas upang magbigay trabaho sa mga sumusuporta sa pagtuturo at asistihan ang mga guro sa pagtatalaga ng mga aktibidad at materyales sa pagtuturo, kumalap ng serbisyo ng pagsasalin upang mapaghusay ang komunikasyon at pakikiisa sa mga magulang ng NCS na mag-aaral, magbigay sa mga mag-aaral ng pagsasanay sa pagpapanatili ng panlipunan at emosyonal, atbp.
Pagsusuri sa mga Trabaho sa Hinaharap	• Ang mga propesyonal na kawani ng EDB ay nagsasagawa ng regular na pagbisita sa mga paaralan upang makita kung paano nila ginagamit ang mga karagdagang tulong upang makapagbigay ng nararapat na suporta at payo para sa epektibong paggamit nito upang matulungang ang mga mag-aaral upang mahasa, at magkaron ng madaling paglipat sa bagong yugto.
Mga karagdagang panukala na nagawa/ gagawin	• Ang EDB ay patuloy na magsusulong ng mga propesyonal na palitan at pamamahagi sa mga paaralan sa paggamit ng Grant.

Pagbibigay ng mga Aktibidad sa Edukasyon para sa Pagpplano ng Buhay para sa mga NCS na Mag-aaral sa Sekondaryang Antas

Mga Kabilang na Serbisyo	• Upang mapangasiwaan ang mga NCS na mag-aaral sa sekondaryang antas na maintindihan ang kanilang piniling karerang tatahakin, at matuto ng iba't ibang tahakin sa pag-aaral at mga trabaho sa pamamagitan ng aktibidad ng pagsuri ng mga karera at pagkakaroon ng oportunidad na magkaron ng karanasan sa pagtatrabaho.
Mga Umiiral na Alituntunin	• Simula 2018/19 taon ng pag-aaral, ang EDB ay nakipagtulungan sa isang organisasyon na hindi mula sa pamahalaan upang magsaayos ng mga aktibidad para sa pagsusuri ng karera para sa mga NCS na mag-aaral sa sekondaryang antas, kabilang na ang pagbisita sa mga institusyon pagkatapos ng sekondaryang antas, pagbisita sa lugar ng pagtatrabahuhan, programa upang magkaroon ng karanasan sa pagtatrabaho, atbp., upang matulungan silang magkaroon ng mga pagpipilian nang may tamang impormasyon tungkol sa mas malawak na pag-aaral at karera, magtalaga ng mga personal na layunin at planuhin ang kanilang kinabukasan. Ang programa ay nagbibigay rin ng mga kurso ng pagsasana para sa mga guro at magulang ng mga NCS na mag-aaral ng kasaping paarlana upang mapaghusay ang kanilang kakayahang magsuporta sa mga NCS na mag-aaral sa edukasyon ng pagpplano ng kanilang buhay.

Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap	• Ang EDB ay gumagami ng iba't ibang paraan upang masuri at mamonitor ang pagiging epektibo at ng progreso ng programa, tulad ng pagsasagawa ng mga regular na pagbisita sa mga kalahok na paaralan upang matutunan ang pagpapatupad ng mga aktibidad at making sa mga pananaw at pangangailangan ng mga guro at magulang, kabilang na ang pagsasagawa ng pagpupulong para sa pagsusuri sa mga nagbibigay serbisyo at paghingi ng mga ulat mula sa mga nagbibigay serbisyo.
Mga karagdagang panukala na nagawa/gagawin	• Pilinihin ng EDB ang programa na may pagsangguni sa mga natuklasan sa pagsusuri.

Promosyon sa Maagang Pagkapagbagay

Mga Kaugnay na serbisyo	• Ang mga magulang ng mga mag-aaral na NCS ay hinihikayat na ienrol ang kanilang mga anak sa mga lokal na kindergarten[4] para sa maagang magkalantad sa isang mahusay na kapaligiran sa pag-aaral ng Chinese para sa mga NCS na mag-aaral na nag-aaral ng wika at para sa madali nilang paglipat sa mababang paaralan
Mga Umiiral na Panukala	*Kindergarten* • Ang mga serbisyong pagsuporta mula sa mga paaralan ay ibinibigay upang suportahan ang mga kindergarten sa pagpapahusya ng propersyunal na kapasidad ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Tsino sa mga NCS na mag-aaral at pangasiwaan ang maayos na paglilipat mula sa kindergarten papunta sa primaryang edukasyon. Ang mga programa para sa pagsasanay ng mga guro sap ag-aaral at pagtuturo ng wikang Tsino para sa mga NCS na mag-aarala sa kindergarten ay paghuhusayin rin. Ang mga Seminar/ Workshop para sa pagpapaunlad ng karunungan sa mga kabataan at pagkaron ng kapasidad na tanggapin ang iba't ibang mag-aaral at isinasaayos upang mapaghusay ang propesyunal na kapasidad ng mga guro. *Iba pa* • Sa pakikipagtulungan sa mga organisasyong hindi mula sa pamahalaan, ang mga programang pandistrito ay isinagawa mula 2012 para sa paghihikayat ng mga NCS na mag-aaral na matuto ng wikang Tsino sa pamamagitan ng mga aktibidad.

[4] Kindergarten, mga sentro ng pag-aalaga at kindergarten, at paaralan na may klase para sa kindergarten ay tinutukoy bilang "kindergartens"

- Patungkol sa pagtanggap sa mga kindergarten, ang mga nakatuong sesyon sa wikang Ingles (nang may serbisyo ng interpretasyon sa wika ng iba't ibang lahi ay ibibigay kung kinakailangan) para sa mga magulang ng NCS na kabataan ay isinasaayos. Ang EDB ay gumawa rin ng PowerPoint na may Ingles na pagsasalaysay tungkol sa "pagsasaayos ng pagtanggap sa K1" nang may naaangkop na nilalalman na isinalin sa mga wika ng iba't ibang lahi upang pangasiwaan ng pag intindi ng mga magulang ng NCS tungkol sa pagpapatupad ng mga detalye at mga punto na kailangang alalahanin sa ilalim ng pagsasaayos ng pagtanggap sa K1. Ang PowerPoint na nabanggit sa itaas ay in-upload sa webpage ng EDB para sanggunian ng mga magulang ng mga batang NCS. Pansamantala, nag-oorganisa rin kami ng mga pagpupulong nang may pakikiisa sa Sentro ng Pagbibigay Serbisyo ng Suporta para sa Minoryang Etniko na pinondohan ng Departamento ng Usaping Sambahayan, nang may pananaw na makiisa sa mga magulang ng mga batang NCS, pati na rin ang mapaghusay ang kanilang pag-intindi sa proseso ng pagtanggap sa kindergarten, at hikayatin sila na magsaayos para sa kanilang mga anak na mag-aral sa lokal na kindergarten para sa maagang pagkalantad sa napapabilang nga kapaligiran na wikang Tsino.

Pagsusuri sa mga Trabaho sa Hinaharap

- Ang EDB ay patuloy na magsasagawa ng mga kurikulum sa pagpapaunlad sa mga pagbisita at grupuhang panayam upang mangolekta ng mga impormasyon at mabubuting gawi para sa iba't ibang uri ng mag-aaral, particular sa mga kabataang NCS na nag-aaral ng Chinese, upang mapamahagi sa mga paaralan.

Mga karagdagang panukala na nagawa/ gagawin

- Epektibo 2017/18 taon ng pag-aaral, ang EDB ay nagbigay sa mga kindergarten na sasali sa Iskema ng Edukasyon para sa Kindergarten (Scheme-KG) at mga tumatanggap ng 8 o higit pang NCS na mag-aaral ng karagdagang pondo kumpara sa mga katamtamang sweldo ng antas ng sweldo para sa isang guro ng kindergarten upang pangasiwaan ang suporta sa kindergarten para sa mga NCS na mag-aaral. Simula 2019/20 taon ng pag-aaral, ang EDB ay mas pinaghusay pa ang alituntunin sa pamamagitan ng pagbibigay ng 5-antas na tulong. Ang isang kindergarten na tumatanggap ng isang mag-aaral na NCS ay also tumatanggap ng pondo, at ang halaga ng pondo para sa pinakamataas na antas ay doble ng nakaraang antas. Sa parehong pagkakatain, mas pinagtibay ng EDB ang propesyunal na pagpapahuhusay para sa mga kindergarten na na guro bilang suporta sa mga mag-aaral na NCS.

Impormasyon para sa mga Mag-aaral na NCS at kanilang mga Magulang

Mga Kaugnay na serbisyo

- Ang layunin ng mga serbisyo ay upang matulungan ang mga mag-aaral na NCS at ang kanilang mga magulang na maunawaan ang sistema ng lokal na edukasyon sa Hong Kong, mga pangunahing patakaran sa edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa edukasyon, at patulungan ang mga magulang sa pagpapasya sa mapipiling paaralan.

Mga Umiiral na Panukala

Pinalawak na mga Pagpipilian na Paaralan para sa mga Magulang ng mga Mag-aaral na NCS

- Ang EDB ay aktibong hinihikayat ang mga magulang ng NCS na mag-aaral na magsaayos para sa kanilang mga anak na mag-aral sa mga paaralan na nagbibigay ng napapaloob na kapaligiran na gumagamit ng wikang Tsino. Ito ay importante para sa karunungan ng kanilang mga anak sa pagkatuto ng Tsino pati na rin ang pagpasok nila sa komunidad. Tinanggal ng EDB ang tinatawag na Sistema ng "nakatalagang paaralan"[5] mula 2013/14 taon ng pag-aaral, nang may pananaw na mapawi ang pagbansag na "itinalagang paaralan" at paghikayat ng kaalaman ng mga paaraalan sa pagsuporta ng pag-aaral ng mga NCS na mag-aaral ng Tsino. Sa pagpapatupad ng mga pinaghusay na sumusuportang alituntunin, anf bilang ng publikong sektor ng DSS na paaralan na nagbibigay ng lokal na kurikulum at tumatanggap ng NCS na mag-aaral ay unti unting itinaas mula 590 sa 2013/14 taon ng pag-aaral hanggang mga 680 sa 2022/23 taon ng pag-aaral, na sumasakop ng halos 70% ng mga paaralan sa kabuuan. Ipinapakita nito na ang mga bagong paraan ng pagsuporta at alituntunin ay pinalawig ang mga pinagpipiliang paaralan para sa mga magulang ng NCS na mag-aaral.

[5] Mula 2006/07 hanggang 2012/13 taon ng pag-aaral, ang mga paaralang tumatanggap ng maraming bilang ng mga NCS na mag-aral, dahil sa kanilang karanasan sa pag-aalaga ng mga NCS na mag-aaral, at handing makipagpulong sa EDB upang bumuo ng alituntunin ng pagsuporta sa paaralan at pagbabahagi ng mga karanasa sa iba pang paaralan ay binibigyan ng espesyal na Gawad na pondo. And mga paaralang ito sa pangkalahatan ay tinatawag na binansagang "itinalagang paaralan"

Paghihiwalay ng mga Impormasyon

- Ang lahat ng naaangkop na impormasyon, kabilang ang, bukod sa iba pa, pag-sasaayos ng pagtanggap sa Primarya 1 at Sekondarya 1, anf Aplikasyong Pantahanan para sa Iskema ng Pinansyal na Pagtulong sa mga Mag-aaral, na inilimbag sa Tsino at Ingles nang may pagsasalin sa wika ng iba't ibang lahi ay ibinigay sa NCS na mag-aaral at kanilang mga magulang.

- Ang mga nakalaang sesyon para sa talakayan nang may kasabay na serbisyo ng pagsasalin para sa mga magulang ng NCS na mag-aaral ay isinaayos upang ipakilala ang mga sumusuportang alituntunin sa edukasyon para sa mga mag-aaral na NCS kabilang na ang pagtanggap sa Primarya 1 at Sekondarya 1 ng mga pampublikong sektor na paaralan. Ang mga nilalaman ng sesyon ng talakayan ay in-upload sa webpage ng EDB.

- Simula 2015/16 taon ng pag-aral, ang Komite ng Kooperasyon ng Pag-aaral sa Tahanan (CHSC) ay inilimbag ang inimprentang bersyon sa Ingles ang School Profiles para ipamahagi sa mga magulang ng NCS na mag-aaral na nag-aaral sa antas na K3 at Primary 6 sa pamamagitan ng mga kindergarten at primaryang paaralan. Mula 2018/19 taon ng pag-aaral, ang bukod na column sa "Suportang Edukasyon para sa mga NCS na mag-aaral" ay idinagdag sa School Profiles sa mga paaralan upang magbigay ng impormasyon sa kanilang suporta para sa mga NCS na mag-aaral. Ang Pampublikong Sektor na Primarya at Sekondaryang Paaralan at DSS na Primarya at Sekondaryang paaralan na tumatanggap ng NCS na mag-aaral at binibigyan ng karagdagang pondo ay kinakailangan banggitin ang karagdagang suporta sa mga paaralan, alituntunin para sa pagpapahusang ng NCS na mag-aaral sa pag-aaral ng Tsino at ang pagbubuo ng napapaloob na karunungan sa mga paaralan. Ang School Profiles ay in-upload sa Tsino at Ingles na baryon sa website ng CHSC. Mula 2019/20 taon ng pag-aaral, ang EDB ay mag pinalawig pa ang bagong dinagdag na column sa pamamagitan ng pag-oobliga sa mga paaralang kalahok na magbigay ng iba pang impormasyon ng mga naangkop na sumusuportang alituntunin.

Iba Pang mga Panukala Upang Mapangasiwaan ang Komunikasyon

- Ang isang dedikadong webpage (https://www.edb.gov.hk/ncs) ay binuo upang mapangasiwaan ang pang-uunawa ng mga magulang nga mga mag-aaral na NCS tungkol sa mga naaangkop na serbisyo ng edukasyon at impormasyon.

- Para sa pang-araw-araw na mga katanungan, ang serbisyo ng hotline ay naitalaga pati rin ang mga serbisyo sa pagsasalin ng wika, sa pamamagitan ng pag-uusap-usap sa telepono, ang EDB at ang Sentro para sa Pagkakaisa at Pagpapabusay ng mga Residente ng Etnikong Minoridad o Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents, ang Sentro ng mga Serbisyo Suporta para sa mga mamamayan na NCS na pinondohan ng Gobyerno, ay ibinibigay mula pa noong Hulyo 2010.

Pag-eenrol ng mga Kindergarten

- Habang ang pag-eenrol sa mga kindergarten ay nagpapatuloy sa loob ng paaralan, sila ay pinaalalahanan na ang mga application form at mga kaugnay na impormasyon ay kailangang nakasalin sa wikang Tsino at Ingles. Kaugnay nito, ang EDB ay nagbigay ng bilingguwal na mga template para sa mga kaugnay sa dokumento para sa mga kindergarten bilang kanilang reperensiya.

- Ang EDB ay nagpalabas ng mga sirkular na memoranda na nagpapaalala sa mga paaralan na magbuo ng icon, isang simpleng mensahe sa Ingles o magbigay ng link sa Ingles na bersyon ng mag website sa homepage ng website ng mga paaralan, upang pangasiwaan ang mag magulang sa pagkuha ng bersyon ng impormasyon sa Ingles ng agaran kapag nagbbrowse sa homepage ng website ng paaralan. Bukod pa rito, isinasautos namin ang mag kindergarten na magbigay ng link ng website ng paaralan sa Ingles na bersyon ng EDB webpage sa Pagsasaayos ng Pagtanggap ng K1 sa mag Kindgerten at ang webpage na tumutukoy sa impormasyon ng paaralan ng Profile of Kindergartens at mag Sentro para sa Pag-aalaga ng Bata at Kindergarten upang pangasiwaan ang mga magulang ng NCS na kabataan sa pagbbrowse ng naaangkop na impormasyon. Ang EDB ay pinapaalalahan rin ang mga paaralan na banggitin sa website ng kanilang paaralan habang nakikipag-usap sa mag NCS na Kabataan, ang serbisyo ng interpretasyon o pagsasalin ay kailangang maisaayos para sa mga aplikante kung kinakailangan, o ang mga magulang at kabataan ay pinapahintulutang samahan ng isang kamag-anak o kaibigan na nagsasalita ng Tsino upang pangasiwaan ang komunikasyon. Ang mga Kindergarten ay kailangang magbigay sa website ng kanilang paaralan ng importmasyon tungkol sa pagsuporta ng paaralan para sa NCS na kabataan, numero ng telepono para sa mag katanungan at email address para sa mag magulang ng NCS na mag-aaral.

- Ang Profile ng mga Kindergarten at mga Sentro para sa Pag-aalaga ng mag Bata at Kindergarten ay inililimbag sa parehong Tsino at Ingles kada taon upang magbigay ng mag impormasyon sa bawat kindergarten bilang sanggunian ng mag magulang sa pagpili ng mga paaralan. Umpisa 2018, ang bagong column „Suporta para sa mag NCS na Mag-aaral“ ay idinagdag para sa kindergarten upang ipahayag ang suportang ibinibigay sa kanilang mag NCS na Mag-aaral.

- Simula noong Setyembre 2018, ang EDB ay nagtayo ng hotline (telephone number: 2892 6676) para sa mga magulang nga mga kabataang NCS upang matugunan ang kanilang mga katanungan tungkol sa pag-eenrol sa mga kindergarten.

- Ang isang set ng komunikasyon ng cue card na may mga audio file na nakasalin sa wika ng iba’t ibang lahi ay ibinigay sa mga kindergarten upang maipahayag ang pangangalaga at pagmamalasakit para sa mga magulang ng mag-aaral na NCS sa kanilang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan upang makabuo ng isang matiwasay na kapaligiran sa loob ng paaralan.

- Ang mga nauugnay na materyales sa pagpapalaganap, tulad ng polyeto, poster, application form at talaan ng mga gabay sa “Aplikasyon para sa Sertipiko Pangrehistro para sa Pagtanggap ng mga Kindergarten”, pati na rin mga subtitle sa mga pampublikong anunsyo sa telebisyon, na nasalin sa wika ng iba’t ibang lahi bilang sanggunian ng mga magulang ng mag-aaral na NCS.

- Ang maiiksing sesyon sa pagtanggap ng mga kindergarten ay isinaayos para sa mga organisasyong hindi kaugnay ang gobyero na naglilingkod sa mga komunidad ng iba’t ibang mga lahi na may pananaw na makinabang sa kanilang mga network upang mapalaganap ang mga impormasyon sa mga magulang ng mag-aaral na NCS. Ang Lupon ng Pantay-pantay na mga Oportunidad ay inimbitahan upang tulungang ang mga kindergarten na maunawaan pantay-pantay na mga oportunidad sa pagtanggap ng mga mag-aaral.

- Kung ang mga indibidwal na bata na NCS ay nahihirapan sa pag-eenrol, ang EDB ay magbibigay ng mga referral kung kinakailangan sa mga Scheme-KGs na mayroon pang bakante.

- Ang mga template ng mga kindergarten na karaniwang ginagamit na mga sirkular para sa mga magulang ay isinalin sa Ingles at mga wika ng iba’t ibang mga lahi at makikita sa webpage ng EDB upang masuportahan ang mga kindergartens na mapahusay ang kanilang komunukasyon sa mga magulang ng mag-aaral na NCS.

Pagsusuri sa mga Trabaho sa Hinaharap

- Ang EDB ay patuloy na gagami ang mga paaralan na patuloy pagyamanin ang mga nilalaman ng bersyon sa Tsino at Ingles ng mga School Profiles at ang webpage ng kanilang paaralan upang makapagbigay ng iba pang impormasyon tungkol sa mga alituntunin tungkol sa suporta mula sa paaralan para sa mga NCS na mag-aaral bilang sanggunian ng mga magulang ng mga NCS na mag-aaral.

Mga karagdagang panukala na nagawa/ gagawin

Pagpapatatag sa Edukasyon ng mga Magulang

- Simula sa 2020/21 taon ng pag-aaral, ang EDB ay nakipagtulungan sa mga organisasyong hindi pang-pamahalaan at isang institusyon pagkatapos ng sekondarya upang magbigay ng iba’t ibang programa ng edukasyon para sa mga magulang ng NCS na mag-aral, kabilang na ang mga napapabilang na talakayan, mga workshop, exhibit, pag-galugad sa komunidad, pagbisita, at pagpupulong, atbp. Upang matulungan ang mga mgulang ng NCS na mag-aaral na suportahan ang pag-aaral ng kanilang mga anak, at hikayatin ang kanilang mga anak na maging bihasa sa wikang Tsino, at tulungan silang magkaroon ng mas komprehensibong pag-intindi sa iba’t ibang landas na maaaring tahakin ng kanilang mga anak.

Pangangasiwa ng Komunikasyon

- Upang maasistihan ang Scheme-KGs sa pagpapahusay ng website ng kanilang mga paaralan at masiguro na ang mga impormasyon ng paaralan sa Tsino at Ingles na wika ay maibibigay bilang sanggunian ng mga magulang, ang EDB ay nagbigay ng pang-isahang Gawad ng Pondo para sa Pagpapaganda ng Website ng Scheme-KGs sa 2020/21 taon ng paggawa. Ang lahat ng Scheme-KGs ay kailangang magbigay ng mga impormasyon tungkol sa paaralan sa parehong Tsino at Ingles na wika, kabilang na ang pagpapakilala sa paaralaan, impormasyon tungkol sa pagsasaayos ng pagtanggap, kabayaran sa paaralan, ang pagsuporta ng paaralan para sa NCS na mag-aaral, ang suporta ng paaralan para sa NCS na mag-aaral, mga numero ng telepono para sa pagtatanong at email address para sa mga magulang ng NCS n abata sa website ng paaralan, atbp. Upang masuportahan ang pagpapahusay ng mga paaralan ng kanilang mga website, and EDB ay naggawad ng pondo na $10,000 sa bawat paaralan. Para sa mga paaralan na nagbigay ng lahat ng impormasyon sa kanilang mga website sa parehong Tsino at Ingles, ang pondong $20,000 ay iginawad.

Mga Katanungan

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at planadong panukala sa promosyon ng pagkakapantay-pantay ng iba’t ibang lahi, mangyaring pakipag-ugnayan sa Mga Tumutulong na Opisyal Pang-edukasyon (Suporta para sa mga Mag-aaral na Hindi Nagsasalita ng Tsino at Komisyon ng Edukasyon), G. Daniel LAM, sa mga sumusunod na impormasyon –

Telephone no.	:	3509 8572
Fax no.	:	2537 4591
Email	:	educomst@edb.gov.hk
Postal Address	:	7/F, East Wing, Central Government Offices, 2 Tim Mei Avenue, Tamar, Hong Kong

Kawanihan ng Edukasyon
Mayo 2023